

MGA DAGDAG NA ULAT

## ISANG MAIKLING KASAYSAYAN NG BUDISMO

### 1. INDIA

Isa sa mga dakilang pangyayari sa kasaysayang espiritual ng sangkatauhan ay ang pagsinag ng “Liwanag ng Asya” sa gitnang bahagi ng India. Ang Batis ng Dakilang Talino at Pagmamahal ay bumuhos doon at sa pagdaloy ng panahon ay nagpapayaman sa kaisipan ng sangkatauhan magmula ng mga nakaraang siglo hanggang sa kasalukuyan.

Ang Buddha Gautama na nakilala ng kaniyang mga tauhan bilang Shakyamuni o ang “Pantas ng Angkang Shakya” ay lumisan sa kanyang tahanan, naging pulubi at naglakbay patungo sa Timog, sa Magadha. Pinaniniwalaang nangyari ito nang kalagitnaan ng ikalimang siglo (B.K. bago isilang ang Kristo) nang siya ay nagtamo ng kaliwanagan sa isang punongkahoy roon na ang pangalan ay “Budhi.” Ang Buddha Gautama ay nagpatuloy sa kaniyang walang-humpay na pagsusumikap sa loob ng apatnapu’t limang taon hanggang sa kaniyang “Dakilang Kamatayan.” Pagkatapos, siya ay humantong sa “Maha-pari-Nirvana”, isang katayuan ng lubos na Kaluwalhatian higit na mataas sa Kaliwanagan at nagpalaganap ng kaniyang Aral ng Talino at Pagmamalasakit. Ang kinahinatnan nito ay ang pagtatatag ng mga tanyag na mga templo ng Budismo sa mga kaharian at mga tribu ng gitnang-bahagi ng India.

Noong panahon ng Haring Asoka na namuno bilang ikatlong hari ng kaharian ng Maurya magmula noong taong 268 hanggang 232 B.K., ang aral ng Gautama Buddha ay lumaganap sa buong India at gayundin sa mga ibang bansa.

Ang Maurya ay ang unang pinagkaisang kaharian sa India. Ang tagapagtatag nito ay si Chandragupta na naghari noong humigit-kumulang sa mga taong 316–293 B.K. Ang kaniyang malawak na sakop ay umabot na sa mga bulubundukin ng Himalaya sa hilaga, sa dagat ng Bengal sa silangan, sa kabundukan ng Hindu Kush sa kanluran, at sa mga bundukin ng Vindhya sa timog. Sa paglupig ng

mga Kalinga at higit pang pinalago ng Haring Asoka ang kaniyang kaharian at umabot ito sa talampas ng Decca.

Ang hari, ayon sa mga kasulatan, ay lubhang malupit at siya ay tinawag ng mga taong Chandāsoka (Ang Magagaliting Asoka). Subalit nagbago nang husto ang kaniyang pagkatao nang masaksihan niya ang nakakagimbal na kahirapang idinulot ng digmaang ikinalupig ng mga Kalinga. Magmula noon ay naging masigasig na tagasunod siya ng aral ng Katalinuhan at Pagmamalasakit. Pagkatapos ay marami siyang isinakatuparan bilang isang tagapaniwala ng Budismo. Dalawang kahanga-hangang nagawa niya ang karapat-dapat na banggitin.

Ang una ay ang mga “inukit na mga batas ni Asoka,” na mga patakaran sa pamamahalang batay sa aral ng Budismo. Ang mga ito ay inukit sa mga haliging bato o sa mga pinakinis na dalisdis na nakakalat sa kalawakan ng kaniyang imperyo upang maihayag ang aral ng Buddha. Pangalawa, siya ay nagpadala ng mga sugo sa mga ibang bansa sa lahat ng dako upang ihatid ang aral ng Katalinuhan at Pagmamalasakit. Mahalagang malamang may mga misyon na ipinadala sa Syria, Ehipto, Kyrene, Macedonia at Epeiros na siyang nagpalaganap ng Budismo sa daigdig-kanluran. Ang kagalang-galang na Mahendra (sa salitang Pāli ay Mahinda), na siyang sugong ipinadala ng haring Asoka sa Tamraparni o Ceylon, ay nagtagumpay sa “pagtatatag ng magandang aral sa marikit na Lankādvīpa (sa Pāli ay Lankāḍīpa)”. Siya ay nagsimula ng pagpapalago ng aral ng Budismo sa timog na kapuluang yaon.

## 2. ANG PAGPAILANGLANG NG BUDISMONG MAHAYANA

Ang “Pagsulong sa Silangan ng Budismo” ay madalas nang nabanggit ng mga Budista ng mga huling panahon. Ngunit nangilang mga dantaon bago isinilang ang Hesukristo, gumawi ang Budismo sa kanluran. Nang magsisimula na o kasisimula pa lamang ng Kapanahunang Kristiyano ay pumihit ang kilusang Budismo paharap sa Silangan. Bago natin talakayin ito ay kailangan muna nating

pag-aralan ang mga malalaking pagbabago na naganap nang mga panahong ito sa Budismo. Ang pagbabagong ito ay walang iba kundi ang “Bagong Kalakaran” na tinaguriang Budismong Mahayana o ang Dakilang Sasakyan ng Budismo na nagkakaugat na at nagiging tanyag na aralin nang panahong yaon.

Kailan at paano at sino ang nagsimula ng “Bagong Kalakaran” na ito? Wala pang makapagbibigay ng tiyak na kasagutan. Ang masasabi lamang natin tungkol dito ay: una, ang kalakarang ito ay maaaring nanggaling sa panig-kaisipang Mahāsaṃghika at binigyan-sigla ng mga progresibong mga monghe nito; pangalawa, noon pa man ay mayroon nang mahahalagang elemento ng mga kasulatang Mahayana magmula nang una o pangalawang dantaon B.K. hanggang sa unang dantaon ng Kapanahunan Kristiyano. At nang lumaganap ang kahanga-hangang kaisipang ni Nāgārjuna na pinagtibay ng mga kasulatang Mahayana ay siya namang pagsulong ng Mahayana sa kasaysayan ng Budismo.

Ang papel na ginampanan ng Budismong Mahayana sa mahabang kasaysayan ng Budismo ay napakahalaga. Sa Tsina at Hapon naman ay napakalalim ng impluwensiya ng Budismong Mahayana sa kabuuan ng kanilang mga kasaysayan. Hindi ito kataka-taka sapagkat napahatid sa mga bansang ito ang isang bagong mithiing makpagtutubos ng sangkatauhan — isang mithiing isasakatuparan ng mga nabubuhay na mga santong nasasa-katawan ng mga Bodhisattva. Sa pagtataguyod ng mithiing ito ay sumibol ang mga bulaklak ng kaisipan sa larangan ng metapisika at sikolohiya. Napakatayog ng nagawa ng mga pantas na Mahayanista sa pagpapatotoo ng kaisipang ito. Bagamat ang buod nito ay ang aral ng Gautama Buddha ay nadagdagan ang pananampalataya ng mga bagong sangkap ng Katalinuhan at Pagmamalasakit. Sa ganitong pagdaragdag ay higit na nag-alab at sumigla ang Budismo at pinayaman nito ang mga bansang silangan na animo’y bumubuhos na batis mula sa isang malaking ilog.

### 3. GITNANG ASYA

Ang kaalaman ng Tsina tungkol sa Budismo ay nagmula sa Gitnang Asya. Kung kaya kailangang talakayin ang Daang-Seda kapag pinag-uusapan ang paglaganap ng Dakilang Aral mula sa India patungong Tsina. Ang daang ito ay tumunton sa malalawak na lupain ng Gitnang Asya upang pagdugtungin ang kanluran at silangan. Nang panahon ng Haring Wu ng dinastiya ng Han (Namuno mula 140–87 B.K.) ay binuksan ang ruta ng pangangalakal. Noon ay umaabot ang sakop ng mga Han sa malayong dako ng kanluran at ang merkantilismo na binuhay ng Dakilang Alehandro ay nagpapatuloy pa rin sa mga kalapit-bansang Ferghana, Sagdiana, Tukhara at Parthia. Sa rutang tumatagos sa mga bansang ito ay seda ang pangunahing produktong pinangangalakalan, kaya ang ruta ay tinaguriang Daang-Seda. Bago magsimula o nang kasisimula lamang ng Kapanahunang Kristiyano ay umusbong ang pakikipag-ugnayan ng India at Tsina sa larangan ng kultura, sa pamamagitan ng pangangalakalan. Masasabing ang Daang-Seda ay ang ruta ding tinahak ng Budismo.

### 4. TSINA

Ang kasaysayan ng Budismo sa Tsina ay nag-umpisa sa pagtanggap ng lipunan nito ng mga kasulatan ng Budismo at ang mga pagsasalin niyon. Pinaniniwalaang ang pinakamatandang kasulatan dito ay ang “Ssu-shih-er-chang-ching” (Ang Sutra na may Apatnapu’t Dalawang Bahagi na binigkas ng Buddha), isang pagsasalang ginawa ni Kāśyapamātānga at iba pa noon panahon ng Ying-p’ing (58–76 P.K. o Pagkasilang ni Kristo) ng Haring Ming ng Huling Bahagi ng Silangang Han. Ngunit ang kasulatang ito ay pinabubulaanan ngayon bilang isang alamat lamang. Ang higit na pinaniniwalaan ay ang kasulatan ni An-shih-kao na nagsalin ng mga eskritura sa Lo-yang mula 148–171 P.K. Ang pagsasalin ay nagpapatuloy sa loob ng halos na isang libong taon magmula sa panahon ni An-shih-kao hanggang sa Dinastiya ng Hilagang Sung (960–1129 P.K.)

Noong mga unang taon, ang mga nagpakilala ng mga kasulatan at nagsipagsalin ng mga ito ay ang mga monghe ng Gitnang Asya. Halimbawa, si An-shih-kao ay galing sa Parthia; si K'ang-seng-k'ai na pumunta sa Lo-yang noong may ikatlong siglo at nagsalin ng "Sukhāvativyūha" (ang Aklat ng Walang-Hanggang Buhay) ay mula sa rehiyon ng Samarkand. Gayundin, si Chu-fa-hu o Dharmaraksha na kinikilalang tagapagsalin ng "Saddharmapundarika" ay nanggaling sa Tukhāra at namalagi sa Lo-yang o Ch'ang-an mula sa huling bahagi ng ikatlong siglo hanggang sa unang bahagi ikaapat na siglo. Nang dumating si Kumārajīva mula sa Kucha nang mga unang taon ng ikalimang siglo ay humantong sa karurukan ang mga pagsasalin sa Tsina.

Magmula nang panahong yaon, ang pag-aaral ng Sanskrit at pagdadalubhasa sa Budismo ng mga monghe ay nagsimula nang sila ay maglakbay mula Tsina patungong India. Ang mga nanguna ay si Fa-hsien (339–420 P.K.). Lumisan siya patungong India mula Lo-yang noong taong 399 at bumalik pagkaraan ng labinlimang taon. Ang pinakatanyag sa lahat ng mga mongheng nanirahan sa India ay si Hsuan-chuang (600–664 P.K.) na pumunta sa India noong taong 627 at bumalik noong 645, matapos ang mahabang labing-siyam na taon. Naparoon din si I-ching (635–713 P.K.) (hindi dapat mapagkamaliang ang librong *I-ching*) na tumawid ng dagat noong 671 at umuwi sa gayon din ruta makaraan ang dalawampu't limang taon.

Ang mga mongheng ito ay nagtungo sa India nang nag-iisa upang matuto ng Sanskrit at iuwi ang mga kasulatang kanilang pinili at sila ang nanguna sa pagsasalin ng mga eskriturang ito. Pinamalas ni Hsuan-chuang ang kaniyang matayog na karunungan sa mga wika at dahil sa kaniyang masipag na pagsusumikap ay narating na naman ng pagsasalin sa Tsina ang tugatog ng tagumpay. Yaong higit na maagang akda ng mga tulad ni Kumarajiva ay tinatawag na mga "Datihang Pagsasalin" at yaong mga likha nina Hsuan-chuang at mga nahuhuling traduktor ay tinataguriang mga "Bagong Pagsasalin" ng mga dalubhasa ng Budismo.

Kung susuriin ang mga malalaking bolumen ng mga kasulatan ng Budismo na isinalin nila sa Sanskrit, ang mga kaisipan at mga gawaing ukol sa pananampalataya ng mga pantas na ito ay unti-unting nagkaroon ng katangiang Tsino. Malinaw na lumitaw ang kalikasan, pangangailangan at naisin ng lahing Tsino. Naglalarawan ng kahiligang ito ang pagkiling ng mga unang monghe sa konseptong metapisikong “Walang-kalamnan,” na tinalakay sa mga Sutrang ukol sa Prajña o Katalinuhan. Nang malaunan ay itinatwa na nila ang tinatawag na “Hīnayāna” o ang Maliit na Sasakyan at tanging binigyan ng pansin ang “Mahāyāna”, ang Malaking Sasakyan. Naging Malinaw ang kalakarang ito sa Sekta ng Tendai at naging higit itong pumaibabaw nang sumibol ang Sekta ng Zen.

Nabuo ng husto ang Sekta ng Tendai nang mga huling taon ng ikaanim na siglo nang ang mga adhikain at pamamalakad nito ay inayos na mabuti ni Tendai Daishi, Chih-i (538–597 P.K.), ang ikatlong patriarko ng sekta. Siya ang isa sa pinakabantog sa kaisipang Budistiko at ang kaniyang masusing pag-uuri ng mga Aral ng Buddha na binukod-bukod niya sa Limang Panahon at Walong Doktrina ay naghubog sa kaanyuan ng Budismo sa Tsina at sa Hapon.

Kung ating gugunitain, ang mga sutra sa Tsina ay dinala mula sa India nang hindi ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga panahon ng pagkasulat ng mga ito. Sila ay sinalin sa wikang Tsino ayon sa kung kailan sila pumasok sa Tsina. Dahil sa napakarami ng mga sutrang ito, mahirap lubos na maunawaan ang kani-kanilang pinanggalingan at kahalagahan. Kinailangang suriin ang Budismo sa kabuuan nito at maipahihiwatig ayon sa sariling pag-unawa nito. Ang kaisipang katutubo ng Tsina, tulad nang nasabi natin, ay nangibabaw sa pagsasalin at pagpapakahulugan ng mga sutra. Ang paliwanag ni Chih-i ang pinakamaayos at nakapanghihikayat sa lahat, ngunit sa katagalan ay naglaho rin ang impluwensiya nito matapos lumitaw ang mga bunga ng makabagong pananaliksik.

Sa kasaysayan ng Budismo sa China, “ang dumating nang huli” ay ang sekta ng Zen. Sinabing naging Sramana ng isang banyagang bansa ang nagtatag nito na si Bodhidharma (528 P.K.), ngunit ang binhi na hinasik niya ay namulaklak lamang pagkaraan ng panahon ni Hui-neng (638–713 P.K.), ang ika-anim na patriarka ng sektang ito. Ngunit matapos ang ika-walong siglo, ang sekta sa China ay nagpadala ng sunud-sunod na magagaling na monghe. Sila ay ang nagpalago ng Zen sa loob ng maraming siglo.

Makikitang may bagong paraan ng kaisipan sa Budismo na umugat ng malalim sa pagkatao ng sambayanang Tsino. Ito ay walang iba kundi ang Budismo na kinulayan ng pamamaraan ng pag-iisip ng mga Tsino. Sa kabila nito, ang batis ng aral ng Gautama Buddha na naragdag ng sariwang agos ay bumuhos patungo sa higit pang malawak na ilog at nagpayaman sa mga bansang silangan.

## 5. HAPON

Nagsimula ang kasaysayan ng Budismo sa Hapon noong ika-anim na siglo. Noong 538 P.K., ang hari ng Pochi (o Kudara sa Korea) ay nagpadala ng kaniyang sugo upang mag-alay ng isang imahen ng Buddha at mga rolyo ng mga sutras sa korte ng Emperador Kinmei. Ito ang tanda ng unang pagpapakilala ng Budismo sa Hapon. Samakatuwid, ang kasaysayan ng Budismo sa bansang ito ay may higit nang 1,400 taon.

Sa mahabang kasaysayang ito, maiisip natin ang Budismo sa konteksto ng tatlong kabanata. Ang una ay ang Budismo ng ika-pito at ika-walong siglo. Ang materyal na katunayan nito ay ang mga templo na itinayo ng mga panahong ito: ang Hōryūji (607 P.K.) at ang Tōdaiji (752 P.K.) Kung gugunitain natin ang panahong ito, hindi maaaring mawaglit sa ating pansin ang pagbugso ng kultura sa buong Asya. Nang panahong ito, habang ang kabihasnang kanluranin ay nabihag sa karimlan, yaon namang sa silangan ay lumalaganap ng buong sigla at karingalan. Sa Tsina, sa gitnang Asia, sa India at sa mga bansa ng timog dagat, nagkaroon ng bagong buhay ang mga likhain sa larangang intelektwal, pananam-



palataya at sining. Kasama ang Budismo sa pagsulong na ito at hinugasan nito ang daigdig-silangan ng alon ng humanismo. At ang bagong direksyon ng kulturang Hapon na pinatunayan ng pagtata-tag ng mabunying Horyuji at maringal na Todaiji, at ng mga makukulay na mga gawaing relihiyoso at artistiko ay naglarawan ng pagbuhos sa dulong silangan ng malaking alon ng kultura na pumaloob sa kalawakan ng Asya.

Ang mga tao sa bansang ito na matagal nang hindi sibilisado ay nayo'y nasabuyan ng alon ng isang dakilang kultura at ang bulaklak ng kabihasan ay biglang namukadkad. Gayon ang naging mabuting palad ng Hapon noong mga siglong yaon. At ang pangunahing puwersa na nagpausbong ng kulturang ito ay walang iba kundi Budismo. Kaya magmula noon ang mga templo ng Budismo ay ang naging sentro ng dakilang kultura at ang mga monghe ang naging pinuno ng bagong karunungan. Doon lumaganap ang hindi lamang ang isang relihiyon kundi ang isang kahangahangang kultura. Ito ang tunay na kalagayan ng Budismo na itinanim sa Hapon ng siglong yaon.

Noong ika-siyam na siglo, dalawang dakilang monghe, si Saichō (Dengyo Daishi, 767–822 P.K.) at si Kūkai (Kōbō Daishi, 774-835 P.K.) ay nagtatag ng dalawang sekta na magkasamang tinataguriang Budismong-Heian. Ito ang pagtatatag ng Budismong Hapon. Niyakap nila ang tunay na pananaw at gawain ng Budismo at sila ay nagtayo ng mga monasteryo sa mga kabundukan ng Hiei at Kōya. Nang makaraan ang tatlong-daang taon hanggang sa panahon ng Kamakura, ang dalawang sektang ito, ang Tendai at Shingon, ay tinangkilik ng mga maharlika at ng mga malapit sa korte ng Emperador.

Ang ikalawang kabanata ay tungkol sa Budismo noong ika-12 at ika-13 siglo. Dumating ang mga dakilang monghe na tulad nina Hōnen (1133–1212 P.K.), Shinran (1173–1262 P.K.), Dōgen (1200–1253 P.K.) at Nichiren (1222–1282 P.K.). Kapag pinag-uusapan ang Budismo sa Hapon, hindi maiiwasan banggitin ang mga mongheng ito. Bakit lumitaw ang gayong mga bantog na monghe noong mga siglong ito lamang? Ito ay sapagkat ang mga dakilang taong ito ay naharap sa isang suliranin. Ano nga bang suliranin ito? Marahil ito ay ang pagtanggap ng mga tao sa Budismo sa paraang maka-Hapon.

Ito ay magdadala sa atin ng isa pang katanungan, “Bakit? Hindi ba totoo na ang Budismo ay naipakilala na sa bansang ito bago pa man sa kasalukuyang panahon?” Ito nga ay ayon sa kasaysayan. Ngunit totoo rin na daan-daang taon ang kailangan upang lubusang matanggap ang isang relihiyong hiram at maging bahagi ito ng kanilang buhay at matatawag nila itong kanilang sariling tunay. Sa madaling salita, nagsimula ang puspusang pagtatanggap ang Budismo noong ika-7 at ika-8 siglo at ang bunga ng ganitong pagsusumikap ay ang pagmumulaklak ng relihiyon sa tulong ng mga monghe noong ika-12 at ika-13 siglo.

Dahil sa matatag na saligang itinayo ng mga mabubunying monghe, ang karangalan ng Budismo sa Hapon ay nananatili. Hindi man mapapantayan ang mga bantog na mga mongheng yaon, masasabi pa ring katangi-tangi ang bunga ng masigasig na pananaliksik tungkol sa orihinal na Budhismo na ginawa pagkaraan ng kanilang dakilang panahon.

Magmula nang matanggap ang Budismo sa Hapon, ang malaking bahagi nito ay Mahayana na napasailalim sa impluwensiya ng Budismong Tsino. Lalo na nang maging tanyag ang mga banal na guro noong ika-12 at ika-13 siglo hanggang sa kasalukuyan, ang aral ng Mahayana ang naging pangunahing laman ng relihiyon at ang mga tagapagtatag ng mga sekta ang naging sentro nito. Ngunit ang pag-aaral ng orihinal na Budismo ay nagsimula noong mga kalagitnaang bahagi ng panahong Meiji. Ang pisikal na anyo ng

Gautama Buddha ay nanumbalik sa pananampalataya ng tao, upang maipaalala na may isang banal na taong nagtatag ng Budismo, bukod pa sa mga mongheng nagtatag ng mga sekta. Inihayag din nang panahong ito na bukod sa mga itinuro ng Mahayana ay mayroon ding isang sistematikong doktrina ang orihinal na Budismo. Ang mga bagong pangyayaring ito na nagpapasulong sa Budismo ay patuloy ang impluwensiya sa pag-aaral ng mga dalubhasa bagamat hindi pa ito lubusang matibay upang pumukaw ng higit na masigasig na pananampalataya. Subalit patuloy ang pag-unlad ng kaalaman ng mga tao tungkol sa Budismo. Ito ang matatawag nating ikatlo at huling kabanata na binanggit natin kanina.

## PAGPAPAHATID NG MGA PANGARAL NG BUDDHA

Ang Budismo ay isang relihiyon na batay sa mga aral na itinuro ng Shakyamuni sa loob ng apatnapu't limang taon ng kaniyang pagkabuhay sa lupa. Samakatuwid, ang mga ginamit niyang mga salita ay may tiyak na autoridad sa relihiyong ito. Tunay nga na may 84,000 pintuan ng Dharma at maraming mga panig-kaisipan, nguni't silang lahat ay may kaugnayan sa mga eskritura ng Shakyamuni. Yaong mga aklat na pinag-uulatan ng mga aral ng Buddha ay tinatawag na "Issaikyō" o "Daizōkyō", na siyang buong pagtitipon ng mga banal na kasulatan.

Madiing inihayag ng Shakyamuni ang pagkapantay-pantay ng lahat ng tao at ipinahiwati niya ang kaniyang mga aral sa mga pangkaraniwan na salita upang siya ay maunawaan ng lahat. Pinagpatuloy niya ang kaniyang araw-araw na pagtuturo para sa pakinabang ng madla hanggang sa sandali ng kaniyang kamatayan nang siya ay walumpung taong gulang.

Nang siya ay pumanaw, inihayag ng kaniyang mga disipulo ang ebanghelyo alinsunod sa kanilang narinig sa kaniya. Subalit habang ipinapahatid at isinasalaysay muli ang aral ng Buddha ay nagkakaroon ng pagbabago dahil sa hindi sinasadyang pag-aakala ng mga disipulo tungkol sa kanilang pagkarinig o pagkaunawa nito. Sapagkat ang mga salita ng Shakyamuni ay dapat ipahatid sa lahat sa tumpak at ganap na anyo at nilalaman nito, ay nagtipon ang mga nakatatandang mga monghe upang isaayos at pagsama-samahin ang mga salita't aral niya. Sabay-sabay nilang inulit ang mga salitang sa palagay nila ay narinig nila, at tinalakay nila ang mga ito sa loob ng maraming buwan. Ang kinalabasang sulatin ng ganitong pagpupun-yagi ay tinawag na "Ketsujyū" o pagdidisiplina. Ito ay naglalarawan kung gaano kasigasig ang kanilang pagsusumikap na maipahatid ang mga tunay na salitang napakinggan nila sa kanilang Dakilang Guro.

At gayon nga ang nangyari at naisulat ang mga aral. Naidagdag dito ang mga komentaryo at paliwanag ng mga dalubhasang mga monghe ng mga sumunod na panahon. Tinagurian ang mga ito na “Ron” o mga komentaryo. Ang mga aral ng Buddha, ang mga komentaryong idinagdag at ang mga alituntunin ng Budismo ay tinatawag ngayong “Sanzōkyo” (Tatlong Bahagi ng mga Kasulatang Budistiko) o Tripitaka sa wikang Sanskrit.

Ang “Sanzōkyo” o Tripitaka ay binubuo ng “Kyōzō”, “Ritsuzō” at “Ronzō”. Ang kahulugan ng salitang “Zō” ay lalagan. Sa madaling salita, ang “Kyō” ay tumutukoy sa mga kasulatang Budistiko, ang “Ritsu” ay ang mga alituntunin para sa Kapatirang Budistiko, at ang “Ron” ay ang mga komentaryong isinulat ng mga namumunong mga monghe.

Ayon sa mga salaysay ng mga ninuno, ang Budismo ay dumating sa Tsina noong 67 P.K. noong panahon ng Haring Ming ng huling bahagi ng dinastiya ng Silangang Han. Magmula noon ay nagpatuloy pa sa loob ng higit na 1,700 na taon ang pagsasalin ng mga kasulatan sa wikang Tsino. Ang bilang ng mga aklat at mga bolumen na naisalin ay umabot sa 1,440 na mga eskritura na may 5,586 bolumen. Ang mga unang hakbang tungo sa pangangalaga ng mga isinaling kasulatang ito ay nagsimula noon pang dinastiya ng Wei, ngunit ang paglilimbag ng mga ito ay nagsimula lamang ng dinastiya ng Hilagang Sung. Sa panahong ito ay nadagdag na ang mga akda ng mga matataas na mongheng Tsino at hindi na angkop na tawaging Tripitaka ang mga aklat na ito. Sa panahon ng Sui tinawag ang mga aklat ng “Issaikyo” o buong pagtitipon ng lahat ng banal na sulatin, at sa panahon ng Tang ay tinawag silang “Daizokyo” o pagtitipon ng lahat nang eskritura, batas at talakayan ng Budismo.

Sumapit ang Budismo sa Tibet noong ikapitong siglo P.K. Nagpatuloy sa loob ng 150 na taon magmula ika-9 hanggang ika-11 siglo, P.K. ang pagsasalin ng mga kasulatang Sanskrit. Halos lahat ng mga ito ay naisalin na matapos ang mahabang panahong ito.

Ang mga banal na kasulatan ay naisalin na hindi lamang sa Koreano, Hapon, Seylones, Kambodyano, Turko at halos sa iba pang mga wikang Silangan kundi rin sa Latin, Pranses, Ingles, Aleman at Italyano. Dahil dito ay masasabing lumago na ang biyaya ng Aral ng Buddha sa lahat ng sulok ng daigdig.

Ngunit kung susuriin pa rin ang uri ng mga pagsasalin at ang mga pagsubok na dinaanan ng kasaysayan ng Budismo sa loob ng dalawang libong taon at makaraan ang higit na sampung libong aklat na isinalin ay nananatiling mahirap pa rin matanto ang tunay na kahulugan ng mga salitang binigkas ng Shakyamuni, kahit na sa tulong pa ng “Daizōkyō.” Kaya nararapat na piliin ang higit na mahahalagang nilalaman ng “Daizōkyō” at gawin silang sandigang pagsasalayan ng ating pananampalataya sa Budismo.

Ang pinakamataas na sanggunian sa Budismo ay ang mga salitang binigkas ng Shakyamuni. Samakatuwid, ang aral ng Budismo ay kailangang ang pagtuturo na malapit na nauugnay sa mga tunay na pangyayari ng ating pang-araw-araw na buhay; kung hindi ay mabibigo tayo sa pagpukaw sa puso ng tao upang ito ay manampalataya sa mga aral. Upang ang aral ay maging tunay na atin ay kailangan maging malinaw at madaling unawain ang pagpapahiwatig nito, walang kinikilingan, sapat at wasto sa pagpapahayag ng buong kaisipan at gumagamit ng mga kilalang salitang ginagamit sa araw-araw.

Isinaalang-alang ng aklat na ito ang mga pangangailangang ito at sinikap nitong ipagpatuloy ang “agos” ng “Daizōkyō” na may kasaysayang napapaloob sa dalawang libo’t ilang daang taon. Ngunit ang aklat na ito ay marami pa ring dapat ayusin sapagkat hindi madaling ipaliwanag ang salita ng Buddha na sukdulan ang lalim ng kahulugan, at ang kaniyang kabutihang walang kapantay.

Tunay naming inaasahang maisabubuti pa ang aklat na ito sa mga susunod na paglalathala, upang maging higit na mahalaga at tapat sa Dakilang Aral.

## KASAYSAYAN NG “ANG PANGARAL NG BUDDHA”

Ang aklat ng Budismong ito ay isinagawa sa pamamagitan ng pagbabago at pagtitipon ng orihinal na edisyong Hapon ng “Bagong Isinalin na Kasulatang Budistiko” na inilathala noong Hulyo, 1925 ng Samahan ng Pagpapalaganap ng “Bagong Isinalin ng Kasulatang Budistiko” na kinatawanan ng Kagalang-galang na Muan Kizu. Ang unang edisyong Hapon ay tinipon ni Propesor Shūgaku Yamabe at Propesor Chizen Akanuma na tinulungan ng maraming dalubhasa sa Budismo sa Hapon. Inabot ito ng limang taon bago malathala.

Nang panahon ng Shōwa (1926), ang “Popular na Edisyon ng Kasulatang Budistiko” ay nilimbag ng Samahan at kumalat sa kalawakan ng Hapon.

Noong Hulyo, 1934 nang idinaos sa Hapon ang Pulong ng mga Kabataang Budistiko ng Pangkalahatang Pasipiko ay inilathala ng Kapisanan ng Pangkalahatang Kabataang Budistiko ng Hapon ang pagsalin sa Ingles ng “Popular na Edisyon ng Kasulatang Budistiko”. Ang pamagat ay “Ang Aral ng Buddha,” at ang tumulong sa proyektong ito ay si Mr. D. Goddard. Ang isa pang edisyon sa Ingles ng aklat ding ito ay nilimbag noong 1962, bilang parangal sa ika-70 na anibersaryo ng Pagdating ng Budismo sa Amerika, ni Mr. Yehan Numata, pangulo ng Kompaniya ng Mitsutoyo.

Noong 1965, nang itinatag ni Mr. Numata sa Tōkyō ang Pundasyon para sa Pagtataguyod ng Budismo, isa sa mga panukala ng Pundasyon ay ang palaganapin itong aklat na isinalin sa Ingles.

Upang maisakatuparan ang panukalang ito ay binuo noong 1966 ang isang lupon na magbabago at magsasaayos nitong aklat, “Ang Aral ng Buddha”. Ang mga kaanib ng lupon ay sina Propesor Kazuyoshi Kin, Shūyū Kanaoka, Zennō Ishigami, Shinkō Sayeki, Kōdō Matsunani, Shōjun Bandō, at Takemi Takase. Sina Propesor Fumio Masutani, G. N. A. Waddell at G. Shunsuke Shimizu ay tumulong din sa rebisyon. Sa gayong paraan nalathala ang bagong anyo ng edisyong Ingles at Hapon ng “Ang Aral ng Buddha”.

Noong 1972, iwinasto ang ilang pagkakamali at isinaayos muli ang teksto nina Propesor Shūyū Kanaoka, Zennō Ishigami, Shōyū Hanayama, Kwansei Tamura at Takemi Takase.

Noong 1974 muli, upang ituwid ang ilang mga di-angkop at diwastong pananalita sa saling-Ingles, binago ang teksto nina Propesor Shōjun Bandō, Kōdō Matsunami, Shinkō Sayeki, Kwansei Tamura, Dōyū Tokunaga at Shōyū Hanayama (pangunahing patnugot), sa ilalim ng patnubay ni G. R. K. Steiner. Dahil sa kanilang gawa ay nalimbag ang pangkasalukuyang edisyong Ingles at Hapon ng “Ang Aral ng Buddha”.

Noong 1980 ay napagpasiyahang panahon na upang isalin ang aklat na ito sa mga wikang higit pa kaysa sa kasalukuyang pinagsalinan nito (Ingles, Prances, Portuges at Kastila). Kaya muling hiniling ng Pundasyon si G. Steiner na pakinisin pa ang teksto ng Ingles na siyang pagbabatayan ng mga pagsasalin sa Aleman, Italyano, Greko, Tsino, Olanda at Nepali.

Noong 1981 naman ay hiniling ang maraming mag-aaral na Hapon at Amerikano sa mataas na paaralan na basahin ang aklat, upang malaman kung paano ito magiging madaling basahin. Matapos magpulong ang mga patnugot upang makipagtalakayan sa mga mag-aaral tungkol sa mga pagbabago ay isinagawa ang pagbabagong ito.

Ang edisyong Tagalog na ito ng *Pangaral ng Buddha* ay isinalin mula sa Ingles na nailathala sa *The Teaching of the Buddha*, isang edisyong naglalaman ng magkaharap na salin ng wikang Ingles at wikang Hapones. Ang nagsalin sa wikang Pilipino (Tagalog) ay si Dr. Wilfrido V. Villacorta, ng Unibersidad ng De La Salle, at ang saling ito ay ineksamen batay sa Ingles at Hapones ni Fr. Ruben L.F. Habito, S.J., ng Unibersidad ng Sophia, Tokyo.

Enero 1984



**MGA DAGDAG NA ULAT SA  
“ANG PANGARAL NG BUDDHA”**

<i>Makataong Pamumuhay</i>	Pahina	Linya
Ang Kahulugan ng buhay .....	5	12
Tunay na kalagayan ng mundo .....	97	1
Ulirang pamamaraan ng pamumuhay .....	249	21
Maling pagtingin sa buhay .....	45	1
Isang tamang pagkilala sa buhay .....	41	11
Mapagmalabis na pamumuhay .....	57	12
Sa mga nalilinlang (isang pabula) .....	127	13
Buhay ng tao (isang pabula) .....	91	1
Kung ang isa ay namumuhay sa kamunduhan at kapusukan (isang pabula) .....	90	10
Ano ang natutunan sa mga matanda, sa may karamdaman at sa namatay (isang kuwento).	93	27
Ang kamatayan ay di-maiiwasan (isang kuwento) .....	95	1
Limang bagay na hindi makakamtan ninuman sa daigdig na ito .....	48	10
Ang apat na katotohanan sa daigdig na ito ..	48	23
And delusyon at Kaliwanagan ay kapwa nanggagaling sa loob ng isip .....	49	14
Dalawampung bagay na mahihirap ngunit mahalagang gampanan ng mga karaniwang tao .....	133	21
<i>Pananampalataya</i>		
Ang pananampalataya ay ang apoy .....	179	9

	Pahina	Linya
Ang pananampalataya ay may tatlong mahalagang aspeto .....	180	20
Ang pananampalataya ay isang pagpapahayag .....	182	1
Ang pananampalataya ay lumilitaw sa isip na .....	181	7
Ang pagtuklas ng katotohanan ay singhirap ng pagpapaliwanag ng mga bulag sa kaanyuhan ng elepante sa pamamagitan ng pagkapa nito (isang pabula) .....	75	6
Kung saan ang kalikasang-Buddha ay itinuturo ng tunay na aral ng Budismo (isang pabula) .....	78	1
Ang kalikasang Buddha ay naikukubli ng kasamaan (isang pabula) .....	73	17
Ang mga pag-aalinlangan ay humahadlang sa pananampalataya .....	182	11
Ang Buddha ay Ama ng buong mundo at lahat ng tao ay anak Niya .....	35	28
Ang Karunungan ng Buddha ay sinlawak at sinlalim ng malaking karagatan .....	34	16
Ang Diwa ng Buddha ay puno ng Dakilang Pagmamalasakit .....	15	1
Ang Pagmamalasakit ng Buddha ay walang hangganan .....	16	9
Walang katawang-tao ang Buddha .....	14	7
Nagbigay-aral ang Buddha sa Kanyang buong buhay .....	23	22

	Pahina	Linya
Ginamit ng Buddha ang katha ng buhay at kamatayan upang manghikayat ng tao .....	23	22
Sa pamamagitan ng mga makahulugang pabula, niligtas ng Buddha ang mga tao sa kanilang paghihirap .....	19	6
” .....	19	24
Ang daigdig ng Kaliwanagan .....	251	15
Upang maging alagad ng Buddha, ng Dharma at ng Samgha .....	178	2
Upang matutuhan ang mga paraan ng pagsunod sa mga tuntunin, ang pagsasanay sa pagtutuo ng isip at ang wastong pagkilos .....	163	16
Ang Walong Dakilang Landas .....	166	11
Ang anim na landas upang marating ang kabilang dalampasigan ng Kaliwanagan .....	168	23
Ang apat na tamang pamamaraan .....	168	9
Ang apat na bagay na dapat pag-aralan .....	167	21
Ang limang kakayahan ng kapangyarihan upang matamasa ang Kaliwanagan .....	168	16
Apat na walang-katapusang kalagayan ng kaisipan .....	171	15
Sa mga nakauunawa ng Apat na Dakilang Katotohanan .....	39	24
Ang kamatayan ng tao at ang palagiang pagpapalit ng buhay .....	13	7
Ang mga bumibigkas ng pangalan ng Amida		

	Pahina	Linya
Buddha ay muling isisilang sa Kanyang Lupa ng Kalinisan .....	113	8
Gawin mong liwanag ang iyong sarili, umasa ka sa inyong sarili .....	11	1
<i>Ang Pagsasanay ng Isip</i>		
Dapat alamin kung ano ang pinakamahalaga sa kanyang sarili (isang parabula) .....	150	11
Maging maingat sa iyong mga unang hakbangin .....	133	15
Huwag kalilimutan ang iyong hinahanap (isang parabula) .....	152	10
Upang marating ang tagumpay, kailangang magtiis ng maraming paghihirap (isang kuwento) .....	158	21
Lakasan ang loob kahit sa harap ng sunud- sunod ng pagkasawi (isang kuwento) .....	173	8
Huwag hayaang magambala ang isip kahit sa mga di kasiya-siyang pangyayari (isang kuwento) .....	124	14
Yaong mga nakauunawa at sumusunod sa Dakilang Landas ay naglalakbay sa dilim na may taglay na ilaw .....	40	15
Saan man pumaroon, matatagpuan pa rin ang mga pagtuturo para sa makataong pamumuhay (isang kuwento) .....	162	1
Ang tao ay kumikilos ayon sa direksiyon ng kanilang pag-iisip .....	122	11

	Pahina	Linya
Ang layunin ng pagtuturo ay pamahalaan		
ang ating sariling kaisipan .....	11	25
Dapat pamahalaan kaagad ang kaisipan .....	212	1
Kung maghahari ka sa iyong kaisipan .....	122	16
Ibat-ibang kalagayan ng kaisipan (isang pabula) .....	118	23
Ang kaisipan ay hindi ang kakanyahan ng sarili .....	46	17
Huwag hayaang madala ka ng iyong kaisipan .....	11	6
Lupigin ang iyong kaisipan .....	154	15
Maging panginoon ng iyong isip .....	12	5
Lahat ng kasamaan ay nagmumula sa katawan, bibig at pag-iisip .....	87	6
Ang kaugnayan ng pag-iisip at salita .....	125	23
Hiram lamang ang katawan (isang kuwento)	143	14
Ang katawan ay napupuno ng lahat ng karumihan .....	131	9
Huwag magnasa ng anuman .....	11	6
Panatilihin malinis ang katawan, bibig at pag-iisip .....	123	26
Huwag pumanig at magsumikap (isang kuwento) .....	172	15

*Ang Pagdurusa ng Tao*

Ang pagdurusa ng tao ay nagmumula sa kaisipang mapangapit sa mundo .....	42	26
---	----	----

	Pahina	Linya
Kung paano maiiwasan ang pagdurusa .....	13	18
Ang delusyon at kamangmangan ay sasapit din sa Kaliwanagan .....	59	19
Kung paano makakalaya sa pagdurusa .....	116	1
Kapag napupuksa na ang apoy ng pagnanasa ay matatamo ang kaginhawahan ng Kaliwanagan .....	142	3
Ang kamunduhan ay ang pinanggalingan ng delusyon .....	85	20
Ituring ang kamunduhan bilang isang ahas na nakakubli sa mga bulaklak .....	85	25
Huwag kalungkutan ang nasusunog na bahay (isang pabula) .....	19	19
Ang pagnanasa ay ang pinagmumulan ng mga kasamaan .....	118	11
Ang daigdig na ito ay nasa loob ng lumalagablab na apoy .....	82	25
Kung ang mga tao ay naghahabol ng katanyagan at karangalan ay parang sinusunog nila ang kanilang sarili .....	119	22
Kung ang isang tao ay nagmimithi ng yaman at makamundong aliw ay sisirain niya ang kaniyang sarili .....	120	1
Ang matatalino at ang mga hangal ay nagkakaiba sa kanilang mga basikong kalikasan .....	134	16
Ang mga hangal ay hindi batid ang kanilang mga pagkakamali (isang pabula) .....	141	8

	Pahina	Linya
Ang mga hangal ay naninibugho sa mabuting kapalaran ng iba sa pamamagitan ng pagtingin lamang sa mga bunga nito (isang pabula) .....	141	13
Ang madalas na paraan ng pagkilos ng hangal (isang pabula) .....	147	14
<i>Pang-araw-araw na Pamumuhay</i>		
Mag-alay ngunit limutin ang iyong inalay ...	169	24
Pitong uri ng pag-aalay para sa di-mayaman.	170	8
Ang paraan ng pagkamit ng yaman (isang kuwento) .....	145	25
Kung paano natatamasa ang ligaya .....	133	5
Huwag kailanman limutin ang tinanggap na kabutihan (isang kuwento) .....	139	9
Mga ibat-ibang uri ng pagkatao .....	89	14
Ang pagkabigo ay laging sumusubaybay sa mga hakbang ng isang taong mapaghiganti...	132	19
Kung paano masusugpo ang sama ng loob ...	246	9
Huwag magagambala sa pagpupuna ng iba ...	123	1
Hindi tayo nabubuhay para sa pagkain, damit at tahanan .....	205	10
Ang pagkain at damit ay hindi para sa ginhawa o aliw .....	117	5
Ano ang dapat isipin kung kumakain .....	208	8
Ano ang dapat isipin kung nagsusuot ng damit .....	207	9
Ano ang dapat isipin kung matutulog .....	208	19

	Pahina	Linya
Ano ang dapat isipin kung mainit o malamig .....	208	12
Ano ang dapat isipin tungkol sa pang-araw araw na kabuhayan .....	206	14

### *Pamahalaan*

Ang paraan ng paggabay sa bansa tungo sa kasaganahan .....	230	1
Ang pamamaraan para sa isang pinuno .....	233	18
Dapat munang pamunuan ng pinuno ang kanyang sarili .....	231	6
Ang mithiin ng pamahalaan ay sanayin ang kaisipan ng mga mamamayan .....	232	11
Kung ano ang dapat gawin ng mga ministro at iba pang may katungkulan .....	236	24
Kung paano dapat makipag-ugnay ang isang hukom sa mga kriminal .....	235	21
Ang bunga ng pagtuturo sa mamamayan ng isang bansa .....	232	1
Kung papano haharapin ang mga suliraning panlipunan .....	238	27

### *Ang Kabuhayang Bayan*

Ang mga ari-arian ay dapat gamiting maayos (isang kuwento) .....	221	13
Ang ari-arian ang hindi natin taglay sa habang-buhay .....	220	26
Hindi dapat gamitin ang mga bagay para sa sariling kapakanan lamang .....	228	12



	Pahina	Linya
Kung papaano aani ng yaman (isang kuwento) .....	145	25

### *Buhay Pamilya*

Sa loob ng isang pamilya nagkakaugnay ang mga kaisipan ng mga kasapi nito .....	218	13
Mga bagay na pipinsala sa pamilya .....	213	9
Mga paraan kung paano makatatanaw ng utang na loob sa mga magulang .....	218	4
Ang mga dapat na ugali ng isang anak sa pakikitungo sa kanyang mga magulang .....	214	1
Wastong ugnayan ng mag-asawa .....	214	27
Dapat magkaisa ang mag-asawa sa pananampalataya (isang kuwento) .....	224	9

### *Ang Buhay ng Kababaihan*

Apat na uri ng kababaihan .....	222	19
Ibat-ibang uri ng asawang babae .....	225	4
Pangaral para sa mga batang asawa .....	224	21
Para sa kapakanan ng ikakasal na babae .....	223	9
Para sa kapakanan ng dalaga at magagandang babae .....	226	25
Ang dapat maging ugali ng asawang lalaki sa kaniyang maybahay .....	130	24
Ang paraan para sa mag-asawa .....	224	3
Ang mga tungkulin at mithiin hangarin ng isang ulirang babae .....	228	6
Ano ang masamang maybahay. ....	225	4

	Pahina	Linya
<i>Ang Landas para sa Mga Monghe</i>		
Hindi monghe ang isang tao dahil lamang sa kanyang pananamit at pagbigkas ng mga sutra .....	197	9
Ang mga monghe ay hindi tagapagmana ng templo at ng mga ari-arian nito .....	194	1
Ang mapag-hangad ay hindi maaaring maging monghe .....	194	8
Ang wastong buhay na dapat tuntunin ng isang monghe .....	196	6
<i>Buhay Pamayanan</i>		
Ang kahulugan ng buhay pamayanan .....	241	14
Ang tunay na kalagayan ng mga pamayanan dito sa mundo .....	97	1
Tatlong uri ng kapisanan .....	241	21
Ang tunay na buhay sa pamayanan .....	242	7
Ang dakilang liwanag na nagniningning sa dilim .....	240	8
Ang pagkakasunduan sa ugnayan ng mga tao .....	242	24
Ang mga paraang magdudulot sa isang kapisanang panlipunan ng pagkakasunduan.	244	3
Ang adhikain ng Kapatiran .....	243	7
Ang mga adhikaing panlipunan ng mga alagad ng Buddha .....	251	3
Masasawi ang mga gumagambala sa batas ng kaayusan (isang pabula) .....	140	11

	Pahina	Linya
Ang mga naninibugho at nakikipag-alitan sa iba ay masasawi (isang pabula) .....	140	11
Igalang ang mga nakakatanda (isang kuwento) .....	135	8
Ang ugnayan ng mag-aaral at guro .....	214	14
Ang mga tuntunin sa pakikipagkaibigan .....	215	10
Kung paano pinipili ang mabubuting kaibigan .....	216	23
Kung paano ang pakikitungo ng namamahala at ng kanyang mga katulong sa isa't isa .....	215	22
Ang dapat na pananaw sa mga salarin.....	228	20
Ang mga bagay na dapat bigyan ng pansin ng mga naghahangad na magturo ng Dharma	199	1



**TALASALITAAN NG SANSKRIT**  
(Inayos ayon sa alpabeto)

### **ANĀTMAN (Kawalan ng Kakanyahan):**

Ito ay isa na sa mga mahahalagang simulain ng Budismo. Lahat ng nabubuhay at nangyayari sa mundong ito ay walang ganap na katotohanan. Bilang isang relihiyong naniniwala sa pansamantalang buhay sa lahat ng nilikha, ang Budismo ay nagpapahayag na ang pansamantalang katangian ng buhay ay walang permanenteng nilalaman. Maaari ring tagurian ang Anātman na Kawalan ng Kaluluwa.

### **ANITYA (Palagiang Pagbabago):**

Isa pa sa mga simulain ng Budismo. Lahat ng may buhay at pangyayari sa mundong ito ay lagiang nagbabago at hindi mananatiling magkatulad kahit na sa isang saglit. Lahat ay mamamatay o magwawakas balang araw, at iyan ang dahilan ng paghihirap. Gayunpaman, hindi dapat malagim ang pananaw natin sa katalusang ito sapagkat ang pag-unlad at ang pag-uulit ay nagbubunga rin sa ganitong patuloy na pagbabago.

### **BODHISATTVA (Ang Nagsusumikap na Magkamit ng Kalinawagan):**

Sa simula, ang pangalang ito ay tinawag kay Gautama Siddhārtha bago siya nagkamit ng Kalinawagan. Nang sumikat ang Budismong Mahāyāna ay lahat ng naghahangad ng pagka-Buddha ay tinawag sa pangalang ito. Nang malaunan ay naging sagisag din ng pagka-Bodhisattva yaong mga nagsusumikap na magbigay-patnubay sa iba patungo sa pagka-Buddha, sa pamamagitan ng kanilang pagmamalasakit at sariling pagpupunyaging magtamasa ng pagka-Buddha. Sina Avalokiteśvara (Kwannon), Kṣitigarbha (Jizō), Mañjuśrī (Mon-ju) ay ilan lamang sa mga kilalang Bodhisattva.

### **BUDDHA (Ang Nagkamit ng Kaliwanagan):**

Noong una, si Gautama Siddhārtha (Śākyamuni), ang nagtatag ng Budismo, ay tinawag sa pangalang ito, sapagkat siya ay nagtamo ng Kaliwanagan sa gulang na 35 taon sa India 2,500 na taon na ang nakalilipas. Ang mithiin ng lahat na Budista, maging anuman ang

sangay ng kaisipan ang kanilang kinasasapian, ay ang maging isang Buddha. Dahilan sa pagkakaiba ng paraan ng pagkamit nito, ang Budismo ay mahahati sa iba't ibang sekto at sangay ng kaisipan. Sa Mahāyāna Budismo ay maraming mga Buddha, bukod sa Buddha Śākyamuni na ang buhay ay isinalaysay sa kasaysayan. Sina Amitābha (Amida), Mahāvairocana (Dainichi), Vaiṣṣajyaguru (Yakushi) at iba pa ay kinikilala rin bilang mga sagisag ng mga pangaral ng Budismo. Dahil sa impluwensiya ng konsepto ng Busilak na Lupain, lahat nang yumao ay kadalasang tinatawag na “Buddha” o “Hotoke” sa Hapon.

#### **DHARMA (Tunay na Pangaral):**

Ito ang pangaral na itinuro ng Naliwanagan, ang Dakilang Buddha. Tatlong uri ang mga pangaral: ang mga Sūtra na itinuro mismo ng Buddha, ang mga Vinaya na kung saan ay napapaloob ang disiplinang nagmula sa Buddha, at ang mga Abhidharma na mga komentaryo at pagtatalakay ukol sa mga Sūtra at Vinaya nga mga pantás ng mga sumunod na panahon. Ang tatlong ito ang tinatawag na Tripiṭaka. Ang Dharma ay isa sa Tatlong mga Kayamanan ng Budismo.

#### **KARMAN (Gawain):**

Bagama't ang kauna-unahang kahulugan nito ay “mga gawain”, ito ay may kaugnayan sa teoriya ng kasanhian at pinapalagay na isang uri ng potensyal na kapangyarihang nagbubunga mula sa mga nakaraang gawain. Ang lahat ng ating mga gawain ay magdadala sa atin ng mabuti o masama, kahirapan o kagalakan, sang-ayon sa ating ginawa. Ang ating karma ay napapaloob sa kapangyarihan ng ating mga asal at kilos na humubog ng ating kinabukasan. Pinaniniwalaan na ang mabuting gawain na inuulit-ulit ay mag-iipon ng maraming mga kabutihan at ang kapangyarihang potensyal nito ay magdudulot ng malaking pakinabang sa kinabukasan. Tatlo ang uri ng mga gawain: gawain ng katawan, ng pananalita at ng kaisipan.

### MAHĀYĀNA (Malaking Sasakyan):

Sa kasaysayan ng Budismo, lumaganap ang dalawang sangay ng pag-iisip: ang Mahāyāna at Theravāda (o Hinayāna). Ang Mahāyāna ay umunlad sa Tibet, Tsina, Korea, Hapon at iba pa, samantalang ang Theravada naman ay lumaganap sa Burma, Srī Lanka (Ceylon), Thailand at iba pa. Ang salitang Mahāyāna ay nangangahulugang “Malaking Sasakyan” na siyang aako sa lahat ng nagdudusa sa daigdig na ito na batbat ng walang tigil na pagsilang at kamatayan, at aakay sa kanila tungo sa Kaliwanagan.

### NIRVĀNA (Ganap na Kapayapaan):

Ang literal na kahulugan nito ay “maglaho (tulad ng apoy ng patay na kandila)”. Ito ang kalagayan na kung saan lahat ng karumihan at pagnanasa ay naglaho nang lubusan sa pamamagitan ng mga gawain at meditasyong batay sa Banal na Karunungan. Ang mga nagkamit nito ay tinatawag na mga Buddha. Natamo ito ni Gautama Siddhārtha na naging Buddha sa gulang na 35 taon. Subali’t pinaniniwalaan na naabot lamang niya ang Nirvāna nang siya ay namatay sapagkat may natitira pa ring karumihan ng tao habang nabubuhay ang katawan.

### PĀLI (Isang Wika):

Ito ang wikang ginagamit sa Theravada Budismo. Ang pinaka-unang mga pangaral ng Budismo ay pinaniniwalaang nakasulat sa wikang ito. Bilang isang uri ng Prakrit na isang dialekto ng Sanskrit, walang gaanong pagkakaiba ang Pāli at Sanskrit; Dharma sa Sanskrit, Dhamma sa Pāli; Nirvāna sa Sanskrit, Nibbāna sa Pāli. (Sumangguni sa kahulugan ng “Sanskrit”).



### **PĀRAMITĀ (Pagtawid sa Kabilang Dalampasigan):**

“Ang pagtawid sa Kabilang Dalampasigan” ay ang pagdating sa Lupain ng Buddha sa pamamagitan ng pagsasanay at pagsasagawa ng mga disiplina ng Budismo. Ang sumusunod sa anim na praktikal na mga disiplina ang siyang makatutulong sa pagtatawid buhat sa daigdig na ito ng pagsilang at pagyao patungo sa daigdig ng Kaliwanagan: Pag-aalay, Moralidad, Pagtitiis, Pagsusumikap, Pagmumuni-muni at Wastong Pagpapasiya (o Karunungan). Nagmula sa konsepto ng Budismong ito ang kinaugalian sa Hapon na mga linggong HIGAN sa panahon ng tagsibol at taglagás.

### **PRAJÑĀ (Karunungan):**

Isa sa anim na mga Pāramitā. Ang kakayahan ng kaisipan na tuntunin ang buhay ng walang pagkakamali at mapaghiwalay ang wasto at ang mali. Ang nagkamit nito ng lubusan ay tinatawag na Buddha. Ang karunungan ito ay ang pinakadalisay at pinakamaliwanag na karunungan na higit na naiiba sa pangkaraniwang karunungan.

### **SAMGHA (Kapatirang Budismo):**

Ito ay binubuo ng mga monghe, mongha at ng mga pangkaraniwang taong nananampalataya. Noon unang panahon, ang Kapatiran ay binuo lamang ng mga monghe at mongha. Nang sumibol ang kilusang Mahāyāna, ang mga naghahangad na maging Bodhisattva, maging monghe o pangkaraniwang tao lamang, ay nagbuklod-buklod upang bumuo ng Kapatiran. Ang Kapatiran ay Isa sa Tatlong mga Kayamanan ng Budismo.

### **SAMSKṚTA (Isang Wika):**

Ang klasikal na wika ng literatura ng sinaunang India; kabilang sa pamilya ng wikang Indo-European. Ito ay nahahati sa Vedic at Klasikal na Sanskrit. Ang mga kasulatan sa tradisyong Mahāyāna ay nakasulat sa estilong tinaguriang Halong Sanskrit-Budistiko.

### **SĀMSĀRA (Muling Pagsilang):**

Walang katapusang pagsasaulit-ulit ng pagsilang at kamatayan magmula sa nakaraan hanggang sa hinaharap at dumadaan sa anim na mga larangan ng kalinlangan: Impiyerno, Mga Gutom na Kaluluwa, Mga Hayop, Mga Aśura o Nagtutunggaling mga Kaluluwa, Mga Tao at Langit. Habang hindi pa naliliwanagan ay hindi makalalaya sa gulong ng pasalin-salin na buhay at kamatayan. Ang mga nakalaya rito ay tinatawag na Buddha.

### **ŚŪNYATĀ (Walang Pagkalaman):**

Ito ay ang konseptong ang lahat ng bagay ay walang ganap na buod o katiyakang walang hanggan — isang pundamental na simulain ng Budismo. Dahil sa ang lahat ay hinuhubog ng kasanhian, walang palagiang kakanyahan na naglalaman ng anumang bagay. Ngunit ang mahalaga ay hindi kung ang lahat ay may nilalaman o walang nilalaman. Lahat ng nilikha, maging tao man o hindi, ay nawawatas sa kaugnayan nila sa ibang bagay. Kung gayon, pag-aaksaya ng panahon ang kumiling sa isang konsepto o ideolohiya at ituring itong perpekto. Ang Śūnyatā ay ang pinagbabatayan ng kasulatang Prajñā ng Mahāyāna Budismo.

### **SŪTRA (Mga Sulatin):**

Ang mga ulat ng mga pangaral ng Buddha. Ang unang kahulugan ng salitang ito ay “panali”, na naglalarawan sa nagkakaisang pagkakabuklod ng mga itinuro ng relihiyon at siyensa ng Budismo. Kabilang sa Tripiṭaka.

## **THERAVĀDA (o Hinayāna: Tagapaghatid ng mga Unang Aral):**

Ang tradisyon ng Budismo na umunlad sa Timog Asya. Ang “Thera” ay nangangahulugang “Nakatatanda”. Ito ay ang sangay ng mga nakatatanda na binuo ng mga nakatatanda at konserbatibong mga monghe na mahigpit na ipinunyagi ang mga unang alituntunin at sumalungat sa mga makabagong monghe. Ang paniniwala ng mga huling mongheng ito ay ang naging Mahāyāna na kilala bilang “hilagang tradisyon”. Ang di-pagsasang-ayon ng mga kapatirang ito sa Budismo ay nagsimula ilang daang taon pagkaraan ng pagpanaw ng Buddha. Ito ay nangyari noong panahon ni Mahādeva, isang makabagong monghe na itinaguyod ang higit na malayang interpretasyon ng mga limang kategoriya ng mga alituntunin ng Budismo. Humantong ito sa paghihiwalay ng Theravāda at Mahāsāṃghika na pinagmulan ng Mahāyāna.

## **TRIPITĀKA**

Ang tatlong sangay ng mga sulating Budismo na napapaloob sa pangaral ng Dharma. Ito ang mga Sūtra, na naglalaman ng mga itinuro ng Buddha; ang mga Vinaya na binubuo ng mga alituntunin; at ang mga Abhidharma na naglalaman ng iba’t ibang kuro-kuro at mga sanaysay tungkol mga doktrina at simulain ng Budismo. Nang malaunan ang mga sinulat ng mga mongheng tanyag sa Tsina at Hapon ay napabilang na rin sa mga eskritura ng Budismo. (Sumanguni sa kahulugan ng “Dharma.”)

## ĀṄGUTTARA NIKĀYA

Mga monghe, may isang taong ang pagsilang sa mundo ay para sa kapakanan at para sa kaligayahan ng marami; na isinilang dahil sa pagmamalasakit ukol sa daigdig, para sa ipakikinabang at ikaliligaya ng mga nasa langit at sangkatauhan. Sino ang taong iyan? Siya ay ang Dakilang Guro, ang Tathagata, na siyang Arahata na lubusang Niliwanagan. Ito, mga monghe, ang taong yaon.

Mga monghe, ang anyo ng isang tao ay mahirap hanapin sa daigdig. Ng sinong tao? Ng Tathagata na siyang Arahata na lubusang Niliwanagan. Siya ang taong ito?

Mga monghe, kay hirap hanapin ang isang di-pangkaraniwang tao. Sino ang taong ito. Ang Tathagata na siyang Arahata na lubusang Niliwanagan. Siya ang taong ito?

Mga monghe, ang kamatayan ng isang tao ay tinangisan ng lahat. Ng sinong tao? Ng Tathagata na siyang Arahata na lubusang Niliwanagan. Siya ang taong ito.

Mga monghe, may isang taong isinilang sa mundo na walang kapantay at hindi maaaring ihambing kaninuman. Sino ang taong ito? Siya ay ang Tathagata na siyang Arahata ng lubusang Niliwanagan. Siya ang taong ito.

Mga monghe, ang anyo ng isang tao ay ang anyo ng isang makapangyarihang mata, isang makapangyarihang ilaw, isang makapangyarihang liwanag. Ng sinong tao? Ng Tathagata na siyang Arahata na lubusang Niliwanagan. Siya ang taong ito. (Āṅguttara Nikāya 1-13)

**ANG PUNDASYON NG PAGPAPALAGANAP NG  
BUDISMO AT ANG PAMAMAHAGI NG**

**“ANG PANGARAL NG BUDDHA”**

Sa pagpapakilala ng Pundasyon sa Pagpapaunlad ng Budismo, kailangang mag-alay ng ilang salita tungkol sa isang taong nagtayo at nagpalawak ng Pundasyong ito. Siya ay si Ginoong Yehan Numata, ang tagapagtatag ng Mitutoyo Manufacturing Company.

Mahigit nang apatnapung taong nakalilipas, itinatag niya ang kumpanyang ito upang lumikha ng mga instrumentong panukat. Naniniwala siya na ang tagumpay ng isang samahang kalakalan ay batay sa pagkakasunduan ng Langit, Lupa at Tao at ang lubusang pagpapaunlad ng kaisipan ng tao ay matatamo sa pamamagitan lamang ng balanseng koordinasyon ng talino, pagmamalasakit at katapangan. Sa paggamit ng simulaing ito ay napaunlad niya ang paglilikha ng mga instrumentong panukat at gayundin ang kaisipan ng maraming tao.

Nananalig siya na ang kapayapaang pandaigdig ay makakamit sa pamamagitan lamang ng pagpapabusilak ng kaisipan ng tao sa tulong ng pagtuturo ng mga pangaral ng Buddha. Kasabay sa pamamahala ng kanyang kumpanya, ibinuhos niya ang kanyang panahon sa loob ng higit sa apatnapung taon para sa pagpapaunlad ng musikong Budistika at pagpapamahagi ng mga larawan at pangaral ng Buddha.

Noong Disyembre, 1965, ginamit niya ang sariling puhunan upang simulan ang Pundasyong magpapalaganap ng Budismo at makatutulong sa kapayapaang pandaigdig. Sa gayong paraan, ang Pundasyon ng Pagpapaunlad ng Budismo ay naging isang samahang publiko.

Ano ang dapat isagawa upang maikalat ang Pangaral ng Buddha sa lahat ng sulok ng daigdig at sa gayon ang lahat ng tao ay makinabang dito at makamit ang Liwanag ng Kanyang Dakilang

Karunungan at Pagmamalasakit? Tungkulin ng Pundasyon ng Pagpapaunlad ng Budismo ang maisakatuparan ang layuning ito ayon sa kagustuhan ni Ginoong Numata.

Sa madaling salita, ang tanging adhikain ng Pundasyon ng Pagpapaunlad ng Budismo ay ang pagpapalawak ng pagtuturo ng mga pangaral ng Buddha.

Ang aklat na ito, “Ang Pangaral ng Buddha”, ay bunga ng aming pagmumunimuni ukol sa kasaysayan ng Budismo sa Hapon. Wala pang sinulat na aklat tungkol sa interpretasyon ng Hapon sa Budismo sa kabila ng mahalagang papel ng kultura Budistika sa bayang yaon.

Ang aklat na ito ay magsisilbing “pagkaing ispiritual” para sa lahat nang babasa nito. Ito ay sadyang inayos para madaling basahin at dalhin upang panatiliing buhay ang Diwa ng Kaliwanagan.

Bagaman at marami pang pagpapaunlad ang kailangan ng kasalukuyang edisyon, malayo na ang narating nito dahil sa pagsusumikap ng maraming tao na tugunan ang pangangailangan ng modernong mambabasa at makapagbigay ng mabisa at madaling pagbabasa ng isang introduksyong sinulat ng mga dalubhasa tungkol sa Budismo na magsisilbing gabay at panggagalingan ng inspirasyon at katotohanan sa araw-araw.

Ang mithiin ng Pundasyon ng Pagpapaunlad ng Budismo ay ang pagdating ng araw ng higit na maraming mag-anak ang magbasa ng aklat na ito at ang karamihan ng ating kapwa ay makaalam at tumanggap ng Liwanag ng Dakilang Guro.

Ang mga komentaryo ng mga mambabasa ay malugod naming inaanyayahan. Mangyari po lamang sumulat sa Pundasyon ng Pagpapaunlad ng Budismo (Buddhist Promoting Foundation) sa anumang panahon.